

# Gloc 9, Panaginip

nagdiriwang na ang puso ko at akoy inaantok  
wala na akong pakialam kahit papakin pa ng lamok  
kahit mainit malamig basta't mapasundan  
dire-diretsu na ang tulog kahit umaga  
well ok lang alam ko naman na magkikita pa naman  
tayong dalawa sa may tagpuang tayo lang ang may alam  
maramdaman na kahit minsan na ako'y iyong mahal  
subalit nagising na lang ako na meron nang sumasakal  
umaandar pa rin ang isip ko nakasama pa kita  
kahit sinasampal nila ako nakikita pa kita  
ano nga bang pinakain mo bakit patay na patay sa'yo  
pati na nga trabaho ko napabayaang ko  
ipagtatapat sa'yo ikaw lang aking pantasya  
sagutin mo lang ako ililibot kita sa asya  
buong hacienda ipapamana sa iyo  
o.k. na sana ang lahat bakit ginising mo pa ako

## Chorus

kung panaginip ka lang ayaw ko nang magising pa  
pagkat nadarama'y ligaya  
lahat ng naisin mo'y aking ibibigay  
pagkat ikaw ay aking mahal

pagbigyan mo naman ako  
minsan na lamang hihiling  
pagkatapos naman nito patuloy kang mamahalin  
'wag mo namang palampasin ang gabing ito ng 'di malinaw  
ipaliwanag mo lang mabuti pero 'wag mong isigaw  
napahiyaw pagkat nangyari ang aking inaasam  
kahit medyo suntok sa buwan  
at least 'di na manghihiram  
kay kabunegro na may gawa ng matatamis na panaginip  
luluwag nang paghinga at ang puso'y 'di na maninikip  
pinapahigpit mo pa nga yakap  
at ako nama'y tuwang tuwa  
at milagro nga'ng ito sa isip ko walang wala  
binalewala ang mga kanyaw na 'di raw tayo nababagay  
ako mismo 'di makapaniwala na sa'kin ka pa bibigay  
pinagpalagay ko na lang lahat ay kaloob sa akin ng Diyos  
kailan may 'di babastusin(susundin lahat ng utos)  
hanggang mapaos sa awitin  
sana nama'y iyong dinggin  
at kung panaginip lang ito sanay 'di na 'ko magising

## chorus

dapat ko lang tapatan,taasan,higitan  
ng walang hanggan  
pagmamahal na inalay mo lubusan kong tutumbasan  
sabihin mo lang sige lang,sige lang  
bago tuluyang mabuang  
di na nga makapaghihintay  
kahit isa lang,isa lang,isa lang  
(hahahahahahehehe)  
mababaliw yata ako sa tamis ng iyong halik  
masasabik ako parati na ikaw ay makapiling  
pero pls. lang baby ako'y nagising,nagising,nagising  
na para bang duling para bang lasing na napraning  
sabihin mo lang kung saan patungo  
uapang ating marating ang minimithi abot-kamay  
walang-wala itong sablay  
handang handa ng maghintay  
wala na sanang bibigay  
mamahalin habang buhay,mamahalin kahit patay

parang pilay na walang saklay kapag ika'y humiwalay  
mamamatay(para sa'yo)  
mabubuang(para sa'yo)  
mamamatay na lang ako kung panaginip lang ito

chorus2x